1

His golden eyes blazed with hatred. "Te odio," *he bit out. Español iyon. Catalina couldn't speak the language, but she understood what he said:* I hate you. *It was there in his eyes, in the strong lines of his face, in the hardness of his coiled muscles. He spoke again in Spanish, his words a blade to her chest.* I wish I had never met you.

Nanikip ang kanyang dibdib, pero mapang-uyam siyang ngumiti. Hindi siya nito makikitang umiiyak, hindi sa buhay na ito. Walang puwang ang mga luha o lungkot sa kanyang mundo. Para lamang iyon sa mga mararangya, sa mga peninsulares, insulares *at* ilustrado. *Walang oras doon ang mga p*tang kagaya niya.*

Sa isang tinig na hindi niya kilala, gamit ang wikang hindi niya maalalang alam niya, sumagot si Catalina, "Huwag kang magalit. Kasalanan mo rin ang lahat ng ito. Nagpakasasa ka rin naman sa katawan ko, di ba? Patas lang tayo."

Those stunning ochre eyes flashed with fury and he stepped toward her. For one insane second, she thought he would hold her, and her whole being craved to be in his arms again. Just once, just one more time…

Pero hindi nito ginawa. Sa halip, tumitig ito sa kanya na may magkahalong muhi at pandidiri.

Her heart bled, but no one would ever see her pain.

"Prostituta," *sikmat ng lalaki, at sa mababang boses na puno ng galit,* "nunca te perdonaré, ni en esta vida, ni en la siguiente."

Hindi kita mapapatawad, sa buhay na ito o sa susunod.

Sa puntong iyon tumunog ang alarm ng phone ni Catalina. Umungol siya at gumulong patihaya sa kanyang kama. Kinapa niya ang phone sa ilalim ng unan bago ini-off ang alarm.

God, she still wanted to sleep. She stayed up late last night poring over messy financial documents. The words mortgage, foreclosure, and outstanding loans still buzzed in her groggy brain like irritating pests. She wondered why she hadn't yet dreamt of monsters decked in bank uniforms.

Sa halip, isang mestisong lalaking mukhang may vendetta sa kanya ang napanaginipan niya—at parang gusto siya nitong sakalin.

Malas lang niya, isip niya. Kailangan nitong pumila. Naunahan ito sa pila ng mga bangko at kaaway slash biktima ng tatay niya.

Kinusot ni Catalina ang kanyang mga mata at inaantok na iminulat ang mga iyon. Four fifteen. Kailangan na niyang bumangon at magbe-bake pa siya ng muffins, donuts at mushroom pie na order ni Demi. Eight o'clock ang board of directors' meeting sabi ng babae, at dapat

naroon na siya sa *Fontabella Tower* nang seven para maiayos ang snacks ng mga ito.

"Time to get up, girly," ungol niya sa sarili.

Still groaning, she dragged her sleepy ass to the bathroom.

Grr, the water was cold! But no hot water for Catalina. Sira ang heater nila at sayang sa gas ang pagpapakulo ng tubig. Ah, the life of the *pooritas*. She laughed at herself.

God, ang drama queen niya.

She snatched a plastic bottle of shower gel and poured some onto a washcloth. Natigilan siya habang iminamasahe ang bimpo sa kanyang dibdib. Hazy images of a strong body pressing against her lush curves flashed through her mind. Parang nararamdaman pa niya ang pagsapo ng isang magaspang na palad sa kanyang dibdib.

Napakagat-labi si Catalina, at naramdaman niya ang pamimigat ng talukap ng kanyang mga mata.

Was she sexually frustrated or what?

Frowning, she dragged the washcloth across her heavy breasts. She couldn't stop a small gasp from escaping as curls of heat sizzled through her nerves. Vivid flashes of a man straining above her, spreading her thighs wide as he drove his male hardness into her aching sex seared her mind.

Napaawang ang mga labi niya. "The fudge?"

Nagkaka-out of body experience ba siya? Last time she checked, virgin siya. Where the fudge did those images come from? She shook her head, forcing her body to

ignore the trickle of arousal pulsing between her thighs.

"Oh, Cat, you have to stop staying up so late at night!"

Inaantok pa yata siya at nananaginip pa rin ang diwa. Binilisan niya ang pagbabanlaw. Sa loob lang ng limang minuto ay nakabihis na si Catalina. Ipinusod niya ang mahaba at alon-along buhok. Raven-black curls framed her face and she tried her best to brush them away. Pero minsan ay parang may sariling buhay ang buhok niya at ayaw paayos. She gave up and just let them be. Dali-dali siyang bumaba sa first floor ng bahay at tinungo ang bakeshop.

Like everything inside their two-story house, the bakeshop was old and rustic. Mahigit walong taon na mula nang huli silang mag-renovate ng *Illuminada Bakeshop*. The mahogany tables and chairs were scarred and stained from use, the granite floor marred with scratches and cracks. The dark wooden walls were faded with age, and the small wrought iron chandelier had missing bulbs and crystals. Pero kung siya ang tatanungin, nakadagdag lang sa charm ng shop ang makaluma nitong mga gamit at istraktura. It added a homey feel to it, giving it a warm personality.

Malamang ay biased lang siya. After all, her mom had designed it. Hinagip niya ang apron sa kitchen.

Catalina loved everything her mom had designed. Kahit na may sakit na ito noon, nagpursigi pa rin ito sa renovation ng *Illuminada*.

Classic is always in, her mother used to say. *Fashion*

comes and goes but style is forever.

She totally agreed.

Dumerecho siya sa cupboard at inilabas ang mga kailangan sa ibi-bake. Humming a soft tune, she started working.

"Morning, Cat!"

Nagtaas siya ng tingin kay Anabel, at masiglang ngumiti sa baker. Tapos na ang unang batch ng muffins at kasalukuyan na niyang isinasalang ang pangalawang batch sa loob ng oven. "Morning, Anabel. Nagkape ka na?"

"Nope, so I'll help myself to your awesome-licious coffee."

She closed the oven door and flashed a grin at her friend. Nakasuot ito ng loose cotton pants at top, at nakapusod na rin ang maikli nitong buhok. Wala itong makeup, pero hindi nito kailangan iyon. The girl had a glowing tan.

Naamoy niya ang pag-brew nito ng kape at hindi niya napigilang bumuntong-hininga.

"God, I love that scent," she said.

"Amoy pa lang, nakakagising na, ano?" untag ng kaibigan. "Hindi kasama ang kape sa idi-deliver mo?"

"Nope." Hinarap niya ang dough sa counter para sa paggawa ng pie. "Nag-order na sila ng coffee beans sa atin n'ung isang linggo. Pero nag-order ulit sila para ngayon. Puro black coffee lang naman daw ang gusto ng mga executives nila."

"Ah, mga serious."

They both giggled.

"Ay, sira pa rin yata 'yung storage room natin," anito habang nagsasalin ng kape sa dalawang mugs. "Nai-stuck minsan 'yung pinto."

Wala nang bago roon. Lahat yata ng parte sa bahay nila ay may problema. "Sasabihan ko si Manong Ricky na tingnan mamaya," sagot niya.

"Pahingi rin ako ng kape, Anabel."

Sabay silang nag-angat ng tingin sa kanyang lola.

Gladiola Francesca Lazcano breezed into the kitchen in her pale green, ankle-length dress. Wala itong suot na alahas, pero kita pa rin ang pagiging aristokrata ng matanda. She sighed. Wish niya ay ganito rin ang hitsura niya kapag mahigit sitenta na siya.

"Yes, Mami!" nakangiting sagot ni Anabel.

"Maaga pa, 'La," aniya, at binaligtad ang minamasang dough. "You don't have to get up this early."

"Lalo akong tatanda kapag humilata ako nang humilata."

Her grandma accepted a steaming mug of coffee from Anabel and smiled. "Thanks, hija." Her grandma took a dainty sip and sighed. "Ah, yes, I'm alive."

Dinalhan din siya ni Anabel ng isang mug.

"Thanks," aniya. "Lola, mamaya pagdating ni Jenny, magpatulong na kayo sa pagdidilig sa garden bago siya magbukas ng shop."

Tumawa ang matanda. "Magpatulong? Eh, may pagkawindang 'yung batang 'yon. Ako pa nga ang

tumutulong sa kanya sa shop."

Napangiwi si Catalina. Totoo iyon. Pero hindi niya masisisi si Jenny. Isa lang ito at madalas ay maraming customers. Malakas ang kita ng bakeshop, pero sa tambak na mga bayarin, hindi pa rin niya kayang kumuha ng isa pang tauhan. God, she really needed to fix their finances.

"Ba't naman kasi ang tagal ni Prince Charming?" biro ni Anabel. "When is he going to save us from our distress?"

Tumawa silang tatlo.

"I think my soulmate was hit by a bus, though," himutok pa rin ng kanilang baker. "Ang tagal niyang dumating, eh."

"I don't know about soulmates," nakangiting saad ng lola niya. "But your lolo was the most wonderful man I've ever met."

She smiled at her lola, loving the way her old woman's face would light up whenever they talked about her late grandfather. Matanda nang halos dalawampung taon ang lolo niya rito, at tahimik itong namayapa sa pagtulog mahigit limang taon na ang nakakaraan.

They were heartbroken when her grandpa died, but her grandparents had lived a life full of laughter and love, and it was more than enough to last her grandmother a lifetime.

With a wistful smile, she reached for the rolling pin to flatten the dough.

"Ikaw, Cat, tingin mo nasaan ang soulmate mo?" hirit

ni Anabel. "Nasa kindergarten pa?"

She laughed and shook her head at her friend. Soulmate, huh? God, kung alam lang nito.

"Busy pa si Henry Cavill, eh," palusot niya. "Hindi pa bumibisita sa Pilipinas."

"Ay! True, si Keanu Reeves din ayaw pa kasing mapadpad dito!" hirit ni Anabel.

She grinned as she continued kneading the dough. If her friend only knew, baka humalakhak ito nang todo-todo kapag nalamang, *sort of*, seryoso siya sa paghihintay sa soulmate niya.

She bit her lip to stifle a giggle. Silly Catalina. Masyado kasi siyang na-inspire sa kanyang grandparents. She never talked about it though, not even to her grandma. It just seemed silly sometimes.

Grinning like a kid, she continued kneading the dough.

By six, her lola went outside to help Jenny in the shop. Nagbubukas sila ng mga seven dahil marami silang customers na papasok sa trabaho. By six thirty, she was already packing the donuts, muffins and pies.

"Jen?" tawag niya sa kasamahan mula sa kusina. "'And'yan na ba si Manong Ricky?"

Sumungaw ang ulo ni Jenny sa pinto. "Naku, Ate, wala pa."

"What? Patawagan na nga." Naghugas siya ng kamay sa sink bago lumabas sa kitchen dala ang mga order.

Namimilog ang mga mata na sinalubong siya ni Jenny.

"Naku, Ate, naaksidente pala si Manong Ricky sa *EDSA*. Male-late daw siya."

Nanlaki rin ang mga mata niya. "Ano'ng nangyari? 'Asan na siya? Okay lang ba siya?"

"Okay lang daw. Hindi naman daw siya nasaktan."

Napahawak siya sa dibdib at napasandal sa counter. "Ano ka ba, Jenny?" reklamo niya. "Dapat 'yon ang una mong sinabi. Binigyan mo 'ko ng mini-heart attack!"

Napangiwi ito at napahawak sa batok. Twenty-three lang si Jenny at tatlong taon lang ang tanda niya rito, pero mukha pa rin itong teenager dahil may pagka-baby face.

"Sorry, 'Te. Paano 'yang mga orders?"

Right. Napatingin si Catalina sa mga boxes. Paano nga ba ang mga ito? Shoot. Mag-a-alas-siete na.

May kumatok sa salaming bintana ng shop, at nagliwanag ang mukha niya nang makitang si Dorian iyon.

Ah, God is good!

Chic, urbane and stylish, yep, that was her friend Dorian. Kung hindi ito magsasalita at gagalaw, walang mag-aakalang anak ito ni Eba kagaya niya.

Ngumisi siya sa kaibigan at lumapit dito.

"What?" mataray nitong banat nang buksan niya ang pinto at hilahin ito papasok ng shop.

"Hindi pa bukas ang bakeshop, but for you, dear friend, it's always open! Aren't we sweet?"

Naningkit ang mga mata ni Dorian. "Lagi namang open 'to sa 'kin n'un pa, ano. And I don't like that smile, sissy. Tumatayo ang balahibo ko. I'm here for coffee and

chicken pie. Don't disturb me."

Awww, wasn't he just a little piece of sunshine?

Tumawa si Catalina sa kaibigan at ipinulupot ang braso sa braso nito. God, those muscles! Ano ba ang nangyayari sa mundo at in love ang mga guwapong lalaki sa kapwa nila guwapong lalaki?

"Dory, sigurado ka bang ayaw mo sa girls?" Nagpapungay siya ng mga mata. "Ang tagal ng soulmate namin ni Anabel, eh. Ikaw na lang."

Nandidiring itinulak siya nito na para bang may nakakahawa siyang sakit sa balat. "Ang aga-aga sinisira mo ang beauty ko. Get away from me! Shoo! At anong soulmate-soulmate, walang gan'un! Hindi mo ba nabalitaan? Hindi na uso ang forever! "

She laughed and squeezed her friend's arm tighter. "Samahan mo 'ko sa *Fontabella*. Magde-deliver ako."

"Mukha ba 'kong delivery boy?" her friend quipped. "Hindi ako nagtapos ng design sa London para mag-deliver ng donuts!"

"Baklang 'to. Samahan mo na 'ko. Sandali lang naman. Hindi pa naman bukas 'yung store mo. Naaksidente kasi si Manong Ricky, pero okay naman na. Wala 'kong kasama. 'Andami pa naman n'ung order, ambibigat."

"Di magpasundo ka sa lobby n'ung building para tulungan kang dalhin 'yung order nila! See? No problemo. *Problème résolu!*"

Binunggo niya ng balakang ang balakang nito at tinusok-tusok ang tagiliran ng kaibigan.

"Hey!" her friend protested, stifling a laugh. May kiliti kasi ito sa tagiliran. "Stop! Stop it!"

"Alam mo namang di ako masyadong sanay mag-drive. Sige na, samahan mo na 'ko."

"Ay, girl. Saang century ka nanggaling? Kailangan mo pa talaga ng driver? *Delicada señorita? Una princesa?"*

"Dali na. Male-late na 'yung order. Come on."

Hinila niya ito papunta sa kitchen.

Her friend grumbled as they drove out of the parking lot, pero wala itong laban sa *Illuminada* caffé latte. Hindi ito nag-iisa. Their coffee beans were one of the finest in the country.

"I swear may halong drugs sa kape n'yo," sabi nito habang nagda-drive. Inihinto nito sandali ang sasakyan para patawirin ang isang babae, at sinamantala nito iyon para sumipsip ng kape. "It's too good!"

She laughed and drank her own latte macchiato.

"It's the coffee beans. Organic kasi siya. Talagang sa coffee business na sina Lola noon pa."

"Naisangla rin ba ng tatay mo 'yung lupa n'yo doon?"

"No, thank God. Nasa pangalan kasi 'yon ni Lola at wala sa kanya. Buti nga, kasi kung hindi, ewan ko kung saan kami pupulutin ngayon."

May aksidente malapit sa *Fontabella Tower,* at ilang minuto ring nabarahan ang kanilang daan.

"Dory, dali, late na 'to!" hirit niya sa kaibigan pagkaparadang-pakaparada nito sa kalsada sa kabila ng building.

"Ay, girl, 'wag mo 'kong patatakbuhin, ha!"

Bitbit ang mga boxes, dali-dali silang pumasok ng *Fontabella Tower*. Kilala na si Catalina ng security personnel kaya mabilis silang nakadaan. Dumaan sila saglit sa receptionist, at mabilis na nag-sign sa log-book.

"Fifty-sixth floor 'yan," nakangiting sabi ng magandang receptionist. "Hinihintay na 'yan ni Demi."

"Thanks!" aniya.

"Bakit ba kasi kailangan pang-i-deliver, ha?" reklamo ni Dorian. "Hindi ba mas okay kung sila na ang nag-pick up sa bakeshop? Ang yaman-yaman ng *Fontabella and Alcantara, Inc.* Hindi ba nila kayang magpadala ng tauhan para kunin ang donuts nila?"

Hinintay nila ang pagbaba ng elevator mula sa fifteenth floor. The lobby buzzed around her, employees dressed in sleek corporate suits milling around them as the work day began. Light from the high ceiling warmed the golden walls and chrome and silver floor. Potted ferns and vivid abstract paintings added color and softness to an otherwise cold and severe structure. Until six years ago, her father owned a real estate company in a building like this, too. But the casino addiction came, the investment scams, and everything crashed like brittle glass.

"They can pick it up," aniya, "pero nag-offer na ako ng delivery para mas convenient sa kanila. Panghatak din ng kliyente."

Bumukas ang elevator at kahit marami ang agad nakapasok, nakipagsiksikan na sila ni Dorian.

"Girl, nasisira ang hair ko, ha," reklamo ng kaibigan.

"I'll bake your favorite coffee cake," alo niya rito.

Nag-ring ang phone niya at pilit niyang dinukot iyon mula sa bag. Si Demi iyon.

Fudge. "Demi, paakyat na 'ko."

"Dalian mo, magsisimula na!"

"'Oy, wala pa namang eight."

"Eh, nandito na silang lahat. 'Yung anak ni Ma'am s'abi magsimula na raw. Hurry up!"

Sabihin mo 'yan sa elevator, girl!

"Yes, yes. Nasa twentieth floor na kami." She hung up and bit her lip as she stared at the blinking numbers on the elevator panel.

Sinalubong sila ni Demi sa vestibule ng *Fontabella and Alcantara, Inc.* Kahit nagmamadali, the woman still looked sharp and polished in her slate gray dress suit and black stilettos. She probably looked drab compared to the woman. Her hair was a little messy, and her simple dark blue dress looked homey and out of fashion when placed side by side with Demi's sleek dress. And darn those legs. She loved her body, really. She loved her curves and her baby smooth, milky white skin, pero minsan, feeling niya ay ang chubby niya at ang pandak kapag katabi ang mga mala-modelong kagaya ni Demi.

Demi ushered them toward the hallway. Halos wala na siyang time para i-appreciate ang makinis na batong sahig at mga dingding ng inner lobby sa pagmamadali nila. Ano ba ang masasabi niya? She was a wannabe interior

designer.

"Help me serve this. Ang tagal mo kasi," angil ng babae.

"Hoy, girl," sabat ni Dorian. "Delivery lang ang papel namin, hindi mag-serve. At hindi pa kami late talaga, konti lang. At naghihirap na ba ang *Fontabella and Alcantara, Inc.* at walang puwedeng mag-serve sa kanila?"

"Absent 'yung intern," pakli ni Demi. "And it's a classified meeting. Hindi puwedeng kung sinu-sino ang pumasok."

"Eh, ano'ng tawag mo sa 'min?" hirit ni Dorian.

Matamis na ngumiti ang PA. "Irrelevant outsiders."

"It's okay, I'll help," aniya.

Dumerecho sila sa pantry at naghugas muna ng kamay bago binuksan ang mga boxes para ilagay sa mga plato ang mga muffins, donuts at pies.

"Pie lang d'on sa isang plate para kay Sir Chris," anang personal assistant ng CEO ng *Fontabella and Alcantara, Inc.* "Hindi 'yon mahilig sa matamis."

"Ay, sad," komento ni Catalina. "What is life without double fudge chocolate cake?"

Tumawa ang babae. "True."

Inayos nila ang mga plato sa dalawang trolleys at itinulak nila iyon papunta sa double doors ng board room.

"Ma'am Fontabella and Ma'am Alcantara specifically asked for your muffins and pies," kuwento ni Demi. "I served those as an afternoon snack once and they loved it."

Proud siyang ngumiti, taas-noo. "Thanks."

"Ako sa right side. Ikaw ang maglagay sa left side, okay?"

"Okay."

"Dorian, right?" untag ng PA sa fashion designer. "D'yan ka na lang."

Imbiyernang nagpaypay ng kamay si Dorian sa sarili nito. Catalina laughed and shook her head at her friend.

Binuksan ni Demi ang pinto at tahimik nilang itinulak ang kani-kanilang trolley sa loob. Kagaya ng lahat sa loob ng *Fontabella Tower*, marangya at elegante rin ang loob ng boardroom. Makapal ang kulay brown na carpet, at may pagka-golden brown din ang mga dingding. The black, leather high-back chairs and long, wooden table were masculine, but the warm golden glow from the flush mount lights softened the whole surrounding.

Mukhang hindi pa nagsisimula ang meeting, pero wala nang bakante sa mga silya sa mahabang mesa. Kaswal na nag-uusap ang mga directors. But the mood was somber, and anxiety was pulsing in the air inside the elegant board room.

Nagsimula si Catalina sa kaliwang bahagi sa dulo malapit sa pintuan.

"Thank you, dear," absent-minded na pasalamat ng isang may-edad na babae sa kanya nang ihain niya ang plato ng muffin at pie sa harapan nito.

She smiled and nodded even though she knew the woman wasn't looking, then pushed the trolley forward.

Hindi niya alam kung bakit bigla siyang nailang. Pero

pakiramdam niya ay may maliit na kuryenteng pumintig sa kanyang batok. Frowning, she raised her head. At muntikan na niyang mabitawan ang hawak na plato.

From across the table beside the CEO, a man with intense dark eyes was staring at her.

Tumuwid ang kanyang likod. Flustered, tumingin siya sa paligid. Baka kasi feeling lang niya ay sa kanya nakatitig ito. Assuming siya, ano? Pero wala namang nakatayo sa likuran o sa tabi niya. A little uneasy and confused, she gazed back at him.

Yup, the guy was staring at her, all right. Nakaupo ang lalaki sa kanan ng mesa, sa kabilang dulo, parang dark angel na nakatitig sa kanya. He was one of those men who looked as if they were born to wear a corporate suit—powerful, masculine, and just panty-creaming. His features were chiseled and sharp, his cheekbones sculpted and his jaw line angular. The soft light washed over him, further accentuating the raw edges of his masculine perfection. He sat there in his perfectly tailored crisp black suit with his brows knitted together as he stared at her.

Of course kumabog ang puso niya. May drop-dead gorgeous guy na nakatitig sa kanya, sino ang hindi kakabog ang dibdib?

"Dear, can I have one of those pies?"

Muntikan na siyang mapapitlag nang marinig ang tinig ng may-edad na babae sa kanyang tabi. Agad napalipad ang tingin ni Catalina sa direktora, at mabilis siyang umiling sa sarili. Shoot. Magpantasya ba sa gitna ng

trabaho?

Maliit siyang ngumiti sa babae at nilagyan ng pie ang plato nito.

"Thanks, dear."

"Welcome, Ma'am." Itinulak niya ang trolley paabante, at ayaw man niya, hindi niya napigil ang sariling itaas muli ang tingin sa lalaki. At muntikan na siyang matapilok nang makitang mataman pa rin itong nakatitig sa kanya.

What. The. Fudge? Why was he staring at her?

Magkasalubong ang mga kilay, pasimple rin niya itong tinitigan.

He had midnight black hair, and the tips slightly curled around his shirt collar. Malayo siya rito, pero sigurado siyang makapal ang pilikmata ng lalaki. His aristocratic forehead, his chiseled nose, sharp cheekbones and rugged jaw looked as if they were carved from golden marble. His muscles looked taut and tensed underneath his expensive black suit, and he seemed to radiate raw animal magnetism.

Pursing her lips, she tore her gaze away from him.

Way beyond your league, girly, pangaral niya sa sarili. *Stop drooling like a kid!*

Inilapag ni Catalina ang sumunod na plato sa harapan ng isang lalaki, at muling itinulak ang trolley. Sa bawat hakbang niya, paliit nang paliit ang distansya sa pagitan nila ng estranghero, at pakiramdam niya ay babalik ang hika niya sa kaba.

Thank God at hindi siya ang magse-serve kay Drop-

dead Gorgeous. Baka matapunan niya ito ng donuts o masabuyan ng kape sa pagkataranta niya.

She could still feel his intense gaze on her, and it felt like fire across her skin. God, he was making her self-conscious.

Inilapag niya ang plato sa harapan ng isang director sa tapat ng estranghero, at mainit na ang kanyang mga pisngi sa magkahalong kaba at pagkalito.

Ayaw man niya, hindi mapigil ni Catalina ang sarili at muling iniangat ang titig. She wished she hadn't.

Because seeing him closer was like a punch to the gut.

Something in his intense dark eyes gripped her insides. It rattled her, and for a moment, the world seemed to have tipped right off its axis.

Parang kumupas ang lahat ng kulay, nawala sa focus, at tanging ang lalaki ang nananatiling matingkad. Her heart pounded as if she had ran a mile, and hazy sensations and emotions she couldn't quite identify spread across her chest. Nakakahilo iyon, na para bang binunggo siya ng isang tren ng mga emosyon.

He looked just as stunned. His jaw hardened as if someone sucker punched him, and his hands balled into tight fists. His hot gaze pinned her, searing her as if he was aching to trace every line and curve of her face.

Don't be angry with me.

Don't be angry… Sino? Sino ang ayaw niyang magalit sa kanya? Napakurap siya. A crippling desperation seeped into her veins, tainting her blood like poison. Sadness, raw

and deep, throbbed like an open wound inside her heart.

Nanlaki ang mga mata ni Catalina, nagulat sa pagbaha ng mga damdaming hindi niya kilala.

At parang naramdaman ng lalaki ang nararamdaman niya. Gumalaw ito na para bang aabutin siya.

Agad siyang umatras at bumangga sa trolley.

"You okay, Miss?" narinig niyang tanong ng direktor na sinilbihan niya.

Mabilis niyang ipinilig ang ulo. God, what was her problem? Malalim siyang huminga at hinarap ang direktor.

"Yes, sir," maikli niyang sagot.

She was shaking. Why? This had to stop!

Pasimple siyang humugot ng malalalim na hininga para kalmahin ang mabilis na pagtibok ng kanyang puso.

Magalang siyang tumango sa direktor bago tumalikod at itinulak ang trolley papunta sa pinto. Ramdam pa rin ni Catalina ang titig ng lalaki, at parang mahihilo siya sa bilis ng pagbugso ng dugo sa kanyang ulo.

Binuksan niya ang pinto at lumabas siya ng board room.

"Okay na?" tanong ni Dorian.

Tumango siya sa kaibigan, pinilit ngumiti. Hinila niya pasara ang pinto. Pero muli ay hindi niya napigilan ang sarili at nilingon ang lalaki. At muli, rumagasa sa kanyang dibdib ang mga emosyong hindi niya maintindihan.

He looked pained, confused, and maybe a little angry as if he couldn't quite understand what he was feeling. Oh, boy, the feeling was mutual.

Naramdaman niyang hinawakan siya sa balikat ni Dorian. "Let's go?"

Dumako sa kasama niya ang titig ng estranghero, at lalong tumigas ang bawat linya ng guwapo nitong mukha. Bumalik sa kanya ang matalim na titig nito, at may pag-aakusa roon.

Napaatras siya, at bumangga sa dibdib ni Dorian. "Hoy, girl, ano ba? Halika na! Nabayaran ka na, di ba?"

The man was glaring at her as if she had betrayed him, as if he was asking what the f*ck was she doing with another man. But there was pain in his dark eyes, and it made her chest hurt, too.

"Ay, naku, Cat, I have a business to run. Halika na!"

At hinila siya ni Dorian palayo sa board room, palayo sa lalaking kung makatitig sa kanya ay para bang matagal na silang magkakilala, na para bang may karapatan ito sa kanya. And the thing was, she felt exactly the same way.